



ANG ORASAN SA DINGDING

ni: KRISTINA D. LOYOLA

May lumang orasan na nakasabit sa dingding ng maliit na bahay nina Migo sa Barangay San Isidro. Hindi iyon mamahalin. Kupas na ang kulay nito at minsan ay nahuhuli pa ng ilang minuto. Ngunit para kay Lola Nena, iyon ang pinakamahalagang gamit sa bahay.

Tuwing sasapit ang alas-otso ng umaga tuwing Linggo, titigil siya sa anumang ginagawa.

"Migo, malapit na."

Alam na alam ni Migo ang ibig sabihin niyon.

Tawag ng kanyang nanay mula sa Hong Kong.

Noong bata pa siya, halos yakapin niya ang cellphone sa tuwing lalabas sa screen ang mukha ng kanyang ina.

"Nay! Nakahuli ako ng malaking palaka!"

"Nay! Top 5 ako!"

"Nay! Marunong na akong magbisikleta!"

Wala siyang nauubos na kuwento.

Pero nagbago ang lahat nang mag-high school ang mga pinsan niyang lagi niyang kasama sa paglalaro ng online games. Unti-unti, naging mas mahalaga ang bawat laban sa cellphone kaysa sa ilang minutong tawag mula sa ibang bansa.

Nang tumunog ang orasan isang Linggo, hindi man lang siya lumingon.

"Nandiyan na si Nanay mo."

"Saglit lang po."

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Paulit-ulit ang sagot niyang iyon.

Hanggang sa isang araw, hindi na siya tinatawag ni Lola. Tahimik na lamang nitong sinasagot ang video call. Habang nasa sala si Migo at nakatutok sa laro, naririnig niya ang mahinang tawanan ng mag-ina sa kabilang silid.

Paminsan-minsan ay binabanggit ni Lola ang mga nangyari sa eskuwela.

Hindi niya namalayang si Lola na pala ang nagkukuwento ng buhay niya.

Lumipas ang ilang linggo. Isang Sabado ng hapon, umuwi si Migo na may medalya mula sa paligsahan sa pagguhit.

Excited siyang ipakita iyon.

"Nay!"

Bigla siyang napahinto. Wala pala ang kanyang nanay. Tahimik niyang inilapag ang medalya sa ibabaw ng mesa. Napansin iyon ni Lola.

"Sayang..." mahina nitong sabi.

"Ano po?"

"Gusto sana niyang makita 'yan."

"Hindi naman po siya tumatawag."

Napabuntong-hininga si Lola.

"Tumatawag siya."

Napatingin si Migo.

"Ikaw lang ang hindi lumalapit."

Parang may malamig na tubig na ibinuhos sa kanyang dibdib. Noon lamang niya naalala.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Ilang Linggo na pala siyang puro "sandali."

Ilang Linggo na pala siyang walang maikuwento.

Ilang Linggo na pala niyang pinaghintay ang taong pinakamatagal nang naghihintay sa kanya.

Sumapit muli ang Linggo. Bago pa man tumunog ang orasan, nakaupo na si Migo sa mesa.

Katabi niya ang medalya. Katabi rin ang report card. Nang mag-ring ang cellphone, siya mismo ang sumagot. Lumabas sa screen ang pamilyar na mukha ng kanyang ina namayat at mukhang pagod.

Ngunit nang makita siya, agad itong ngumiti.

"Hala... maaga kang naghihintay?"

Ngumiti rin si Migo.

"Opo."

Sandaling natahimik ang dalawa.

Pagkatapos ay marahang sinabi ni Migo,

"Nay... ako naman po ang maraming ikukuwento ngayon."

Natawa ang kanyang ina.

Hindi niya namalayang umiiyak na pala ito habang nakikinig.

Sa loob ng halos isang oras, walang larong binuksan.

Walang notification na sinilip.

Walang nagmamadali.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Sa unang pagkakataon matapos ang maraming buwan, hindi ang internet ang nagdurugtong sa kanila. Kundi ang oras na pareho nilang piniling ibigay sa isa't isa.

Mula noon, hindi na kailangang paalalahanan ni Lola ang kanyang apo. Tuwing Linggo, bago pa man tumunog ang lumang orasan, nakaupo na si Migo sa parehong upuan.

Dahil natutuhan niyang may mga sandaling hindi na maaaring balikan kapag lumipas na.

At ang ilang minutong ibinibigay sa pamilya ay maaaring maging alaalang dadalhin habang-buhay.

Tala ng May-akda

Ang kuwentong "Ang Orasan sa Dingding" ay isang orihinal na akda na sumasalamin sa karanasan ng maraming pamilyang Pilipino na pansamantalang naghihiwalay dahil sa pangingibang-bansa ng isa o parehong magulang. Sa gitna ng makabagong teknolohiya, ipinapaalala ng kuwento na hindi sapat ang pagkakaroon ng paraan upang magkausap; higit na mahalaga ang pagbibigay ng oras, buong atensyon, at tunay na pakikinig sa mga taong pinakamalapit sa ating puso.

Ang lumang orasan ay nagsisilbing simbolo ng bawat sandaling lumilipas tulad ng mga oras na hindi na maibabalik kapag napabayaan. Sa pamamagitan ng kuwentong ito, nais ipakita ng may-akda na ang pagkakaisa ng pamilya ay hindi lamang nasusukat sa pisikal na presensya kundi sa pagpili na pahalagahan ang bawat pagkakataong magkasama, gaano man ito kaikli. Ito ay alinsunod sa temang "Boses ng Bayan, Wika ng Pag-asa: Pagtataguyod ng Hustisya at

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Pagkakaisa," na nagbibigay-diin sa pag-asa, malasakit, at matibay na ugnayan ng pamilyang Pilipino sa kabila ng mga hamon ng makabagong panahon.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
